# PAHAYAG SA MEDIA

**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG:** Hulyo 21, 2021
**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Kristine Roselius, Distrito ng Hangin, 415.519.5419
Beth Willon, Communications Director para kay Supervisor
Cindy Chavez, 408.660.5174

## Distrito ng Hangin, pinatatag ang panuntunan ng refinery na bawasan ang mga emisyon ng particulate mula sa mga fluidized catalytic cracking unit

*Ang pagbabawas ng mga emisyon mula sa mga fluid catalytic cracking unit (FCCU) ay isang napakahalagang hakbang para makontrol ang polusyon sa hangin na nakakasama sa kalusugan*

**SAN FRANCISCO –** Ang Lupon ng Mga Direktor ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) ay may mga pinagtibay, sa araw na ito, na susog sa Regulasyon 6 Panuntunan 5: Mga Emisyon ng Particulate mula sa Mga Fluidized Catalytic Cracking Unit ng Mga Refinery para lalong mabawasan ang mga emisyon ng particulate matter mula sa mga refinery ng petrolyo. Sa ngayon, ang panuntunan na ang pinakanakakaprotekta sa kalusugan at pinakamahigpit na uri ng ganitong regulasyon sa bansa.

Pinagtibay ng Distrito ng Hangin ang Panuntunan 6-5 noong 2015 para mabawasan ang mga emisyon ng particulate matter mula sa Mga Fluidized Catalytic Cracking Unit, o FCCU, na ang pinakamalaking nag-iisang pinagmumulan ng mga emisyon ng particulate matter sa mga refinery at ang ilan sa pinakamalalaking indibidwal na pinagmumulan ng particulate matter sa Bay Area. Ang mga bagong susog ay nagpapatupad ng mas mahihigpit na kinakailangan sa pagkontrol ng FCCU para mabawasan ang polusyon sa hangin na nakakasama sa kalusugan.

"Ang boto ng Lupon ng Mga Direktor ng Distrito ng Hangin sa araw na ito ay isang tagumpay para sa bawat residente ng Bay Area, partikular na sa mga nakatira sa mga komunidad sa paligid ng mga refinery at sa mga manggagawa sa mga refinery na regular na nalalantad sa mapaminsalang polusyong dulot ng particulate" sabi ni Supervisor Cindy Chavez ng County ng Santa Clara, na siyang tagapangulo ng Lupon ng Mga Direktor ng Distrito ng Hangin. "Nangangako kaming protektahan ang kalusugan ng mga manggagawa sa refinery at ang mga nakatira malapit dito, at hindi na kami makapaghintay na ipatupad ang pamantayang nakakaprotektang panuntunang ito kasama ang Chevron at PBF."

"Habang patuloy na lumalalim ang siyentipikong pag-unawa sa mga mapaminsalang epekto sa kalusugan ng polusyong dulot ng particulate matter, kinakailangan ng mas mahihigpit na kontrol para maprotektahan ang mga nakatira at nagtatrabaho sa mga komunidad malapit sa refinery," sabi ni Jack Broadbent, ang tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. "Layunin ng Distrito ng Hangin na bawasan ang pagkakalantad sa polusyon sa hangin sa mga apektadong lugar, at kinakailangan at mahalaga ang mga susog na ito sa pagkontrol sa pinakamatinding panganib sa kalusugan na nauugnay sa polusyon sa hangin sa Bay Area."

Napakahalaga ng mga pambuong-rehiyong benepisyo sa kalusugan ng pagsunod at patuloy na pagsunod sa mga pamantayan ng nakapaligid na hangin para sa particulate matter. Sa pagsusuri ng mga staff ng Distrito ng Hangin, napag-alamang ang PM2.5, na ine-emit ng mga FCCU, ay ang pangunahing banta sa kalusugan ng polusyon sa hangin sa Bay Area, partikular na sa usapin ng maagang pagkamatay. Ayon sa kalkulasyon ng Distrito ng Hangin, para sa milyong kataong apektado, pinapataas ng pagkakalantad sa particulate matter mula sa refinery ng Chevron sa Richmond ang mortality sa average na hanggang 11.6 na pagkamatay bawat taon, at sa average na hanggang 6.3 na pagkamatay bawat taon mula sa refinery ng PBF Martinez.

Nalalapat ang Panuntunan 6**–**5 sa apat na refinery sa Bay Area na may mga FCCU. Kinokontrol na ng isa sa mga refinery na ito ang mga emisyon mula sa kanilang FCCU sa pamamagitan ng web gas scrubber. Posibleng magpasya ang ibang refinery na maglagay ng mga wet gas scrubbing system para masunod ang mga bagong susog. Makakakita ng higit pang impormasyon tungkol sa Panuntunan 6**–**5 sa baaqmd.gov/reg6rule5.

Ang Bay Area Air Quality Management District ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa Bay Area sa siyam na county nito. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

# # #

---

*Distrito ng Hangin Communications Office*
*375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105*
*Homepage ng Distrito ng Hangin* | *Mga Pahayag sa Media*